# KAPASIYAHAN BLG. 2025-108

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 7, S-2024 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG CATACTE, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2025 NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYON, DALAWANG DAAN LABING LIMANG LIBO, WALONG DAAN WALUMPU'T APAT NA PISO AT DALAWAMPUNG SENTIMO (₱1,215,884.20)."**

*Sa Pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Catacte para sa kanilang *Annual Budget* na laang gugulin para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng ₱1,215,884.20;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabataan ng Catacte at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Catacte ay walang nilalabag na batas o Kapasiyahang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 7, S-2024 ng Sangguniang Kabataan ng Catacte, Bustos, Bulacan na nauukol sa taunang laang gugulin o *annual budget* para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng Isang Milyon, Dalawang Daan Labing Limang Libo, Walong Daan Walumpu't Apat na Piso at Dalawampung Sentimo (₱1,215,884.20).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-7 ng Abril taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wayner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
ABC Vice President

**Mel Ryan P. Juan**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-7 ng Abril taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim